Republic of the Philippines
**Department of Education**

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

JUL 09 2007

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 262 , s. 2007

BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2007

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Superintendent ng mga Paaralan
Pangulo/Pinuno ng mga Paaralang Pribado

1. Bilang pag-alinsunod sa Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, taunang ipinagdiriwang ang Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto 1-31, na pinangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Para sa taong 2007, ang tema ng pagdiriwang ay "Maraming Wika, Matatag na Bansa".

2. Layunin ng pagdiriwang sa taong ito na:

a. kilalanin ang lahat ng wika ng Pilipinas bilang likas at panlipunang yaman ng bansa;
b. itampok ang kahalagahan ng wikang pambansa, wikang lokal at ng Ingles para sa etnisidad, identidad, komunikasyon, literasiya at edukasyon ng mga Pilipino; at
c. ipakita ang mga bentahe ng multilinggwal na patakaran (lokal at global na mga wika) upang makaagapay sa lokal at global na kapaligiran.

3. Para sa isang buwang pagdiriwang, lingguhang hinati-hati ang paksa sa:

Agosto 1-7 - Ang mga wika ay mga likas at panlipunang yaman ng bansang Pilipinas.

Agosto 8-15 - Wikang kinagisnan, susi sa pagkakatuto ng wikang pambansa at ng wikang Ingles.

Agosto 16-22 - Mas maraming alam na wika, mas maraming tulay sa karunungan.

Agosto 23-31 - Global at lokal (glokal) sa salita, global at lokal (glokal) sa gawa.

4. Kalakip ang mungkahing gawain para sa inyong patnubay. Hindi inaalis sa mga puno ang magsagawa ng sariling gawain na naaayon sa pangangailangan ng sariling paaralan.

5. Maaaring dumulog sa sumusunod na website ng KWF para sa mga karagdagang impormasyon: http://wika.pbwiki.com.

6. Hinihiling ang maaga at dagliang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**JESLI A. LAPUS**
Kalihim

Kalakip:
Gaya ng nasasaad

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran: Blg. 282, s. 2006

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CELEBRATIONS & FESTIVALS
Learning Area, FILIPINO

Madel:c:Buwan ng Wika
6-15-07

**Tema ng Buwan ng Wika 2007:**

**"MARAMING WIKA, MATATAG NA BANSA"**

**Agosto 1-7 - Ang mga wika ay mga likas at panlipunang yaman ng bansang Pilipinas.**

1. Pagdaraos ng pambukas na palatuntunan at pagpapaliwanag sa tema ng buwan ng wika 2007.
2. Paggawa ng poster; pagdaraos ng mga patimpalak (pasalita at pasulat) sa lokal na wika/panitikan at mga katulad na aktibidad;
3. Proyekto sa Filipino at/o Agham panlipunan: mapa ng iba't ibang wika sa Pilipinas at kung saan ito sinasalita.
4. Proyekto sa Siyensya at Kalusugan: katutubong pangalan ng mga isda, hayop, puno, anyong panlupa (*landforms*), anyong pantubig, at iba pang bagay sa kalikasan.
5. Proyekto sa Matematika: katutubong paraan ng pagbilang sa lokal na wika;
6. Proyekto sa English: mga salitang Filipino/lokal na wika na nakapasok na sa Ingles, na pareho o magkaiba ang kahulugan; at
7. Pagdaraos ng porum tungkol sa: "Lokal na wika: isang yaman o isang kapansanan para sa estudyanteng Pilipino?"

**Agosto 8-15 - Wikang kinagisnan, susi sa pagkakatuto ng wikang pambansa at ng wikang Ingles.**

1. Pagtalakay ng mga pag-aaral na nagpapakita kung paano nakakatulong ang lokal na wika para matutuhan ang wikang pambansa at ang wikang Ingles;
2. Pagtalakay sa pinanggalingan (etimolohiya) at kasaysayan ng mga barangay sa kani-kanilang pook;
3. Proyekto sa Filipino at/o Agham Panlipunan: pagtalakay sa buhay at akda ng mga lokal na manunulat.
4. Proyekto sa Siyensya at Kalusugan: katutubong pangalan at gamit ng mga halamang gamot;
5. Proyekto sa Matematika: pagtalakay ng mga pamilang at pagbubuo ng mga deribasyon ng mga pamilang (Hal: isa, dalawa, tatlo; iisa, dadalawa, tatatlo; isa-isa, dala-dalawa, tatlu-talo; tig-isa, tig-dalawa, tig-tatlo; pang-una, pangalawa, pangatlo; ika-1, ika-2, ikatlo; makalawa, makatlo, makapat;)
6. Proyekto sa English: mga salitang Ingles na nakapasok na sa Filipino/lokal na wika na pareho o magkaiba ang kahulugan;
7. Pagdaraos ng porum tungkol sa: Higit bang matututo ang mga mag-aaral kung gagawing pangunahing midyum sa pagtuturo sa Grade 1,2, at 3 ang lokal na wika ?

**Agosto 16-22 – Mas maraming alam na wika, mas maraming tulay sa karunungan.**

1. Talakayan sa mga isyu tungkol sa ortograpiya ng wikang pambansa;
2. Pagkukuwento—biglaan at/o nakahanda-- sa wikang Filipino/lokal na wika.
3. "Word games" sa wikang Filipino.
4. Proyekto sa Filipino at/o Agham Panlipunan: pagsasalin mula Ingles patungong Filipino/lokal na wika.
5. Proyekto sa Siyensya at Kalusugan: mga katutubong kaalaman (*indigenous knowledge systems*) na makakakomplemento sa agham ng kanluran;
6. Proyekto sa Matematika: pagsusulat ng sanaysay tungkol sa "kung ano and gusto ko at kung ano ang ayaw ko sa Math";
7. Proyekto sa English: pagsasalin mula Filipino/lokal na wika patungong Ingles;
8. Pagdaraos ng porum tungkol sa: "Ano kaya kung isa lang ang wika sa mundo?"

**Agosto 23-31 – Global at lokal (glokal) sa salita, global at lokal (glokal) sa gawa.**

1. Pagpaparada ng iba't ibang mga wika sa Pilipinas at sa ibayong dagat (Asya, Europa, Aprika, Australia at Amerika.)
2. Timpalak sa pinakamabilis at pinakamapanlikha sa *texting* sa lokal na wika, wikang pambansa at/o Ingles.
3. Proyekto sa Filipino at/o Agham panlipunan: mapa ng iba't ibang wika sa daigdig;
4. Proyekto sa Siyensya at Kalusugan: pagtutumbas sa wikang pambansa ng mga terminong pang-IT;
5. Proyekto sa Matematika: pagtutumbas sa wikang pambansa ng mga terminong pangmatematika;
6. Proyekto sa English: mga namumukod na katangian ng Philippine English;
7. Pagdaraos ng pampinid na palatuntunan kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2007.
8. Pagbibigay ng mga gawad, pagkilala o premyo sa mga indibidwal at institusyon na nakilala sa pagpapaunlad ng wikang Filipino/ mga wika sa Pilipinas, sa antas lokal at panrehiyon.